# Mga Dayuhang Manggagawa At Mga Numero ng Social Security

Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Ano ang kailangan kong gawin para makapagtrabaho sa Estados Unidos? | 1 |
| Paano ako makakapag-apply para sa numero ng Social Security at card nito? | 1 |
| Edad | 2 |
| Gaano katagal bago makakuha ng isang numero ng Social Security? | 3 |
| Kailangan bang mayroon akong numero bago ako makakapagsimulang makapagtrabaho? | 3 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 3 |


Ang mga numero ng social security ay ginagamit para i-ulat ang mga suweldo ng isang tao sa pamahalaan at para mapagpasyahan ang pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo mula sa Social Security. Kailangan ninyo ng numero ng Social Security para magkaroon ng trabaho, makakolekta ng mga benepisyo mula sa Social Security, at makatanggap ng iba pang mga serbisyo mula sa pamahalaan.

Kung pansamantala kayong nasa Estados Unidos para sa trabaho, tatanungin ng inyong employer ang inyong numero ng Social Security. Karaniwan, ang mga hindi mamamayan lang na may awtorisasyon mula sa Department of Homeland Security (DHS) na makapagtrabaho sa Estados Unidos ay maaaring makakuha ng numero ng Social Security.

Kahit na sa karamihang mga negosyo, tulad ng mga bangko at credit company, ay hihingin rin ang inyong numero, hindi ito kinakailangan mula sa inyo na ibigay. Maaari kayong makatanggap ng maraming mga serbisyo kahit walang numero ng Social Security, kasama na ang driver's license.

## Ano ang kailangan kong gawin para makapagtrabaho sa Estados Unidos?

Una, kailangan ay mayroon kayong mga dokumento na nagpapakita ng inyong katayuan sa imigasyon sa Estados Unidos at pahintulot na makapagtrabaho sa Estados Unidos. Tapos, kailangan kayong mag-apply para sa numero ng Social Security at card mula sa Social Security Administration.

## Paano ako makakapag-apply para sa numero ng Social Security at card nito?

Ang pag-a-apply para sa numero at card ng Social Security ay libre. Para makapag-apply para sa numero ng Social Security sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security:

- Kumpletuhin ang isang application para sa isang Social Security card; at
- Ipakita sa amin ang mga orihinal na dokumento na nagpapatunay sa inyong:
  - — Pagkakakilanlan;
  - — Katayuan sa imigrasyon para makapagtrabaho; at
  - — Edad.
- Kunin ang inyong nakumpletong application at orihinal na mga dokumento sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security.

***Ang lahat ng mga dokumento ay dapat mga orihinal o kopya na sertipikado ng nagpalabas na ahensya. Hindi kami makakatanggap ng mga photocopy at na-notaryong mga kopya ng mga dokumento.*** Hindi rin namin matatanggap ang resibo na nagpapakitang kayo ay nag-apply para sa nasabing dokumento.

Maaari naming gamitin ang isang dokumento para sa dalawang layunin. Halimbawa, maaari naming gamitin ang inyong DHS na permiso para makapagtrabaho bilang katibayan ng inyong pagkakakilanlan at katayuan sa imigrasyon para makapagtrabaho. Ang inyong birth certificate o pasaporte ay makakapagsilbi bilang katibayan ng edad. ***Kailangan kayong magkaloob ng kahit man lang dalawang hiwalay na mga dokumento.***

### Pagkakakilanlan at Katayuan sa imigrasyon para makapagtrabaho

Para mapatotohanan ang inyong pagkakakilanlan at katayuan sa imigrasyon para makapagtrabaho, ipakita sa amin ang inyong kasalukuyang mga dokumento para sa imigrasyon ng Estados Unidos at ang inyong hindi pa nagpapasong dayuhang pasaporte. Kabilang sa mga katanggap-tanggap na mga dokumento para sa imigrasyon ay ang inyong:

- Hindi pa nagpapasong dayuhang pasaporte na may kasalukuyang admission stamp (tatak ng pagpasok) na nagpapakita ng klase ng pagpasok na nagpapahintulot na makapagtrabaho;
- Form I-551, *Permanent Resident Card*;
- Form I-94, *Arrival/Departure Record* na nagpapakita ng awtorisasyon para makapagtrabaho ng DHS; o
- Form I-766, *Employment Authorization Document*, (EAD, permiso para makapagtrabaho mula sa DHS).

**Mga "exchange" na bisita:** Ang J-1 na bisita ay dapat ipakita sa amin ang isang DS-2019, *Certificate of Eligibility for Exchange Visitor Status* (Sertipiko ng Pagiging Karapat-dapat para sa Katayuan ng Exchange na Bisita). Dagdag pa dito, ang mga mag-aaral ng J-1, mga intern na mag-aaral, at ang mga internasyonal na bisita ay dapat magpakita ng isang liham mula sa sponsor para mapatunayan ang pagtatrabaho. Ang liham ay dapat nasa letterhead ng sponsor na may orihinal na lagda na nagbibigay awtorisasyon sa inyong pagtatrabaho.

**Mga Internasyonal na mag-aaral:** Ang isang F-1 o M-1 na mag-aaral ay dapat rin magpakita sa amin ng isang Form I-20, *Certificate of Eligibility for Nonimmigrant Student Status* (Sertipiko ng Pagiging Karapat-dapat para sa Di Imigranteng Katayuan ng Mag-aaral). Ang mga karagdagang dokumento na nagpapatunay ng pagiging karapat-dapat na magtrabaho ay maaaring hilingin. Para sa karagdagang impormasyon, hanapin ang (Mga Internasyonal na *Mag-aaral at Mga Numero ng Social Security* (Publication No. 05-10181-TL).

## Edad

Kailangan ninyong ipakita ang inyong birth certificate sa ibang bansa kung mayroon kayo nito o makukuha ninyo ito sa loob ng 10 araw na may pasok sa trabaho. Kung hindi, maaari naming ikonsidera ang iba pang mga dokumento, tulad ng inyong pasaporte o dokumento na ipinalabas ng DHS, bilang katibayan ng inyong edad.

*(kabila)*

## Gaano katagal bago makakuha ng isang numero ng Social Security?

Kailangan naming patotohanan ang inyong mga dokumento sa DHS bago kami makakapagtalaga ng Social Security ninyo. Makalipas na makatanggap ng pagpapatototoo mula sa DHS, ipapadala namin sa inyo sa pamamagitan ng koreo ang iyong card sa Social Security. Kadalasan, maaari naming patototthanan ang inyong mga dokumento nang mas mabilis sa DHS online. Kung hindi mapapatotohanan ang inyong mga dokumento online, maaaring tumagal ng ilang linggo bago matugunan ng DHS ang inyong kahilingan. Malapit kaming nakikipagtrabaho kasama ang DHS para mabawasan ang mga pagkakaantala na ito.

## Kailangan bang mayroon akong numero bago ako makakapagsimulang makapagtrabaho?

Hindi namin hihilingin sa inyong magkaroon ng numero ng Social Security bago kayo makakapagsimulang magtrabaho. Gayunman, hinihiling ng Internal Revenue Service mula sa mga employer na gamitin ang inyong numero ng Social Security para ma-ulat ang inyong mga suweldo.

Habang hinihintay ninyo ang inyong numero sa Social Security, maaaring gumamit ang inyong employer ng liham mula sa amin na nakasaad na kayo ay nag-a-apply ng isang numero, at ang inyong mga dokumento sa imigrasyon ay mapapatotohanan na ang inyong awtorisasyon para makapagtrabaho sa Estados Unidos.

Maaaring makahanap ang mga employer ng mas maraming impormasyon online sa ***www.socialsecurity.gov/employer/hiring.htm***

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang my Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

*(kabila)*

## Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10107-TL | July 2017
Mga Dayuhang Manggagawa At Mga Numero ng Social Security
Foreign Workers And Social Security Numbers (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito